Ang sinumang nakalimot habang siya ay nag-aayuno, kaya nakakain o nakainom, maglubos siya ng pag-aayuno niya sapagkat nagpakain lamang sa kanya si Allāh at nagpainom sa kanya."}

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang nakalimot habang siya ay nag-aayuno, kaya nakakain o nakainom, maglubos siya ng pag-aayuno niya sapagkat nagpakain lamang sa kanya si Allāh at nagpainom sa kanya."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nakakain o nakainom habang nakalilimot samantalang siya ay nasa isang pag-aayunong tungkulin o kusang-loob, maglubos siya ng pag-aayuno niya at huwag siyang tumigil-ayuno dahil siya naman ay hindi nagpakay ng pagtigil-ayuno. Ito lamang ay isang panustos na inakay ni Allāh sa kanya, ipinakain sa kanya, at ipinainom sa kanya.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/4525